



Ang pangpaginhawang pangangalaga ay mangalwakang pa ring hindi naiintindihan ng maraming Canadians. Narito ang karaniwang sampung kathang-isip na ating kinakaharap

## Sampung Kathang Isip tungkol sa Pampaginhawang Pangangalaga

### KATHANG ISIP #1: Pampaginhawang pangangalaga ay nagpapabilis ng kamatayan

**KATUNAYAN:** Pampaginhawang pangangalaga ay hindi nagpapabilis ng kamatayan. Ito ay nagdudulot ng kaginhawahan at mahusay na kalidad ng buhay mula sa pagsuri ng malubhang sakit hanggang sa huling sandali ng buhay.



### KATHANG ISIP #2: Pampaginhawang pangangalaga ay para lamang sa mga taong mamamatay ng dahil sa cancer.

**KATUNAYAN:** Pampaginhawang pangangalaga ay maaring pakinabangan ng pasyente at ng kanilang pamilya mula sa oras ng pagsusuri ng kahit anong karamdaman na maaring makapagpaiksi ng buhay.



### KATHANG ISIP #3: Ang mga taong nasa pampaginhawang pangangalaga at tumigil ng pagkain ay namatay dahil sa gutom.

**KATUNAYAN:** Ang mga taong may malubhang karamdaman ay hindi nakakaranas ng gutom o pagka-uhaw tulad ng malulusog na tao. Ang mga taong tumigil ng pagkain ay namatay dahil sa kanilang karamdaman at hindi dahil sa pagkagutom.



### KATHANG ISIP #4: Pampaginhawang pangangalaga ay sa ospital lamang naidudulot

**KATUNAYAN:** Pampaginhawang pangangalaga ay maaaring maidulot kahit saan nakatira ang pasyente - sa bahay, sa pasilidad para sa mahabang pangangalaga, sa hospicio o sa ospital.



### KATHANG ISIP #5: Kailangan natin protektahan ang mga bata na malantad sa kamatayan at sa pag-aagaw buhay.

**KATUNAYAN:** Ang pagpayag sa mga bata na pagusapan ang tungkol sa kamatayan at sa pag-aagaw-buhay ay maaring makatulong sa paghubog ng malusog na pananaw sa buhay at maging kapaki-pakinabang sa kanilang pagtanda. Kailangan din ng mga bata ang makapagpaalam sa mga taong mahalaga sa kanila.



### KATHANG ISIP #6: masakit na pakiramdam ay parti ng pag-aagaw-buhay

**KATUNAYAN:** Ang masakit na pakiramdam ay hindi palaging parti ng pag-aagaw buhay. Kung ang masakit na pakiramdam ay nararanasan sa huling sandali ng buhay, maraming paraan na ito ay mapapagaan.



### KATHANG ISIP #7: Ang pag inom ng gamot para sa sakit sa loob ng pampaginhawang pangangalaga ay nauwi sa adiksiyon.

**KATUNAYAN:** Upang mapanatiling maginhawa ang pakiramdam ng tao, kinakailangang taasan ang takal ng gamot para sa sakit. Ito ay resulta ng kakayanan ng katawan na masanay sa gamot at hindi dahil sa adiksiyon.



### KATHANG ISIP #8: Ang morphine ay ibinibigay upang madaliin ang kamatayan

**KATUNAYAN:** Tamang takal ng morphine ay pinapanatiling maginhawa ang pasyente at ito ay hindi nagpapadali ng kamatayan.



### KATHANG ISIP #9: Ang kahulugan ng pampaginhawang pangangalaga ay ang pag suko ng aking doctor at wala ng pag-asa para sa akin.

**KATUNAYAN:** Pinagtibay ng pampaginhawang pangangalaga ang pinaka-mabuting kalidad ng buhay para sa mga taong nasuri ng malubhang sakit hanggang sa huling sandali ng buhay. Ito ay hindi patungkol sa pag-asa bagkus ito ay patungkol sa paggugugol ng ating buhay ng buong buo.



### KATHANG ISIP #10: Nabigo ko ang aking kapamilya dahil hindi siya namatay sa tahanan.

**KATUNAYAN:** Minsan ang pangangailangan ng pasyente ay higit sa maaaring maidulot sa tahanan kahit gawin ang lahat ng makakaya. Ang kasiguraduhan ng pagdulot ng pinaka mabuting pangangalaga saan man ito ay hindi tanda ng pagkabigo.



Also available in English, French, Arabic, Brazilian Portuguese, Catalan, Chinese, Cree, Hebrew, Inuinnaqtun, Japanese, Portuguese and Spanish.